

# Speaking Out Survey 2025

(Survey sa Pagbibigay-alam ng Kuru-kuro 2025)

## Impormasyon para sa mga magulang/tagapag-alaga (Year 7 hanggang Year 12)

Hinihilingan ng Commissioner for Children and Young People (Komisyoner para sa mga Bata at Kabataan) ang mga estudyanteng nasa Year 4 hanggang Year 12 sa mga paaralan sa buong WA para sa kanilang mga kuru-kuro tungkol sa mga bagay na umaapekto sa kanilang kagalingan at ninanais niya na makilahok ang inyong anak.

### Sino ang Commissioner?



Si Jacqueline McGowan-Jones ang Commissioner for Children and Young People. Ang Commissioner ay independiyente mula sa pamahalaan at kumikilos upang pabutihin ang kagalingan ng lahat ng mga bata at kabataan sa WA.

### Ano ang ipagagawa sa aking anak?

Kung pipiliin ng inyong anak na lumahok, siya ay hihilingang magkumpleto ng isang humigit-kumulang 30 hanggang 45 minutong survey sa isang tablet. Ang survey ay gagawin sa loob ng isang period sa paaralan.

Tatanungin ang inyong anak tungkol sa kanyang pinagmulan at hanay ng mga isyu na mahalaga sa kanyang kagalingan gaya ng kanyang kalusugan, kaligtasan, pamilya, ugnayan, at paglahok sa isport at iba pang mga aktibidad sa komunidad. Kabilang sa ilang mas partikular at kung minsan ay sensitibong mga isyung kasama dito ay ang tungkol sa timbang at pagkain, mga damdamin at emosyon, pambu-bully (pang-aapi), kalusugang sekswal at mga pakikipagrelasyon, paninigarilyo at pag-inom ng alak. Kung ang inyong anak ay nasa Year 9 pataas, siya ay tatanungin din tungkol sa mga karanasan sa pagtanggap ng mga materyales na sekswal, pisikal na nasaktan, at mga karanasan sa paggamit ng marihuwana at iba pang mga droga.

Lahat ng mga tanong ay boluntaryo at hindi kailangang sagutin ng inyong anak kung hindi niya gustong gawin ito. Hindi hihilingang magbigay ng kanyang pangalan ang inyong anak o ng iba pang mga impormasyong mapagkakakilanlan upang hindi makilala ang sinumang bata mula sa kanyang mga sagot sa survey.

Magbibigay ng tulong ang mga kawani mula sa opisina ng Commissioner sa inyong anak upang kumpletuhin ang survey kung kailangan. Lahat ng mga kawani ng Commissioner ay may Working with Children Check. May guro rin na naroroon upang tumulong pamahalaan ang mga bata, ngunit hindi niya maaaring basahin ang anumang sagot ng mga bata sa anumang tanong.

Kung ang isang bata ay magkaka-isyu o mababalisa sa pagsagot ng alinmang tanong sa survey, ang kawani ng Commissioner ay magmumungkahing itigil niya ang survey at hihimukin siyang makipag-usap sa isang pinagkakatiwalaang tao na nasa hustong gulang (halimbawa, isang

magulang o guro). Lahat ng mga kalahok ay bibigyan ng kard na naglilista ng mga serbisyong pantulong gaya ng Kids Helpline o Beyond Blue.

Matagumpay na naisagawa ng Commisisoner ang unang Speaking Out Survey noong 2019, at walang negatibong komento tungkol sa karanasan mula sa mga estudyante, mga magulang/tagapag-alaga o mga paaralan.

## Ano ngayon ang kailangan kong gawin?

Nasa inyo at sa inyong anak ang magpasya kung siya ay lalahok. Lubos kayong malaya na makapagsasabi ng "oo" o "hindi". Ang inyong pasya ay hindi aapekto sa mga marka ng inyong anak, kung paano kayo nakikipagtulungan sa mga guro o sa paaralan, at hindi sasabihin sa pamahalaan at sa Commissioner ang inyong pasya.

Nabigyan na ng impormasyon ang inyong anak mula sa Commissioner at hinihikayat namin kayong talakayin ito sa kanya.

Kung kayo at ang inyong anak ay maligaya na siya ay makilahok, kung gayon ay wala kayong anumang dapat gawin. Ang inyong anak ay hihilingang lumahok sa araw ng pagdating sa kanyang paaralan ng kawani ng Commissioner upang gawin ang survey.

Kung hindi gusto ng inyong anak na lumahok sa survey sa araw na iyon, okey lang ito. Basta sabihin lang niya sa kanyang guro. Sinumang bata na hindi lalahok sa survey ay bibigyan ng ibang aktibidad na walang kinalaman sa survey.

### Kung hindi ninyo gustong lumahok ang inyong anak:

Mangyaring kumpletuhin at lagdaan ang sumusunod na pahina at ibalik ito sa paaralan ng iyong anak sa lalong madaling panahon, ngunit hindi lalampas sa tatlong araw bago ang petsa ng survey.

## Saan gagamitin ang impormasyon?

Ang Speaking Out Survey ay isang inisyatibo ng Commissioner for Children and Young People. Ang mga kuru-kuro ng mga estudyante ay isasali sa mga lathalain tungkol sa kagalingan ng mga bata at kabataan na ipinadadala ng Commissioner sa pamahalaan at sa iba pang mga organisasyon upang tumulong na mapagbuti ang mga polisiya at serbisyong makukuha ng mga bata at ng kanilang mga pamilya. Maaari ring gamitin ang mga ito sa mga lathalain kabilang ang kanyang taunang ulat, elektronikong newsletter at website.

Maaaring humiling ang ibang organisasyong pampamahalaan ng impormasyong ito mula sa Commissioner.

Walang pangalan ang impormasyon mula sa mga estudyante (hindi sila hihingan ng kanilang pangalan) at pananatilihin itong kompidensyal maliban kung mag-alala ang mga kawani ng Commissioner tungkol sa kanilang kaligtasan o kagalingan dahilan sa isang bagay na kanilang sinabi.

## Pamamahala ng Survey

- Ang Speaking Out Survey ay inaprubahan ng *the Department of Education.*
- Ligtas na iimbakin ng Commissioner ang lahat ng impormasyon at maaari lamang ma-access ng limitadong bilang ng mga kawani ng Commissioner.
- Isang buod ng ulat ang ilalathala sa katapusan ng proyekto. Para sa isang halimbawa, tingnan ang https://www.ccyp.wa.gov.au/media/4758/speaking-out-survey-2021-summary-report.pdf sa website ng Commissioner sa ccyp.wa.gov.au

## Sino ang maaari kong makontak para sa karagdagang impormasyon?

Kung gusto mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa kung paano isasagawa ang survey, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong school coordinator para sa karagdagang impormasyon.

Ang mga kawani mula sa Commissioner for Children and Young People WA ay makakatulong sagutin ang anumang mga tanong na mayroon kayo tungkol sa survey, o kung paano gagamitin ang mga tugon sa survey. Maaari ninyo silang tawagan sa (08) 6213 2204, or email research@ccyp.wa.gov.au o sa Western Australian Aboriginal Health Ethics Committee, WAAHEC Human Research Ethics Officer sa P: (08) 9227 1631 E: ethics@ahcwa.org

Kung nais ninyong basahin ang higit pa tungkol sa Speaking Out Survey o sa tungkulin ng Commissioner, bisitahin ang aming website sa at ccyp.wa.gov.au

Salamat sa inyong suporta.

Commissioner for Children and Young People
Western Australia



# Pormularyo ng hindi pagsang-ayon para sa mga magulang/tagapag-alaga

## Speaking Out Survey 2025

- ✓ Nabasa at naunawaan ko ang impormasyon tungkol sa survey, o naipaliwanag ito sa akin.
- ✓ Nauunawaan ko na hindi kailangang lumahok ng aking anak.
- ✓ Tinalakay ko ang survey na ito sa aking anak.

### Hindi pagsang-ayon na lumahok ang aking anak sa survey

**Hindi ako nagbibigay ng pahintulot na lumahok sa survey ang aking anak:**

Buong pangalan ng bata (nakalimbag): ____________________________________________

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga (nakalimbag):

______________________________________________________________________________

Lagda ng magulang/tagapag-alaga: _______________________________________________

Petsa ngayon: _________________________________________________________________

**Mangyaring ibalik ang pormularyong ito sa paaralan ng inyong anak.**